711k

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 19 AGOSTO 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Honesto V. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy F. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.

- -

KAPASYAHAN BLG. 087
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, GNG. ROSARIO TORREFIEL CORREA.

SAPAGKA'T ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal ay malabis na dinaramdam ng kanyang mga naulila;

SAPAGKA'T si Gng. Rosario Torrefiel Correa ay isang masipag, masikhay, at matapat na lingkod-bayan na sa loob ng mahabang panahon sa kanyang panunungkulan bilang pangunahing Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas ay ipinakita ang kanyang dedikasyon at pagmamahal sa gawain at sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T si Gng. Rosario T. Correa ay isang masipag na lider-sibiko, hindi lamang sa pagpapatupad sa mga gawaing dala ng katungkulan kundi ng mga iba pang makatutulong upang mapaunlad ang antas ng buhay at kaalaman lalo na ng mga kababaihan ng bayang ito;

SAPAGKA'T sa maraming panahon at pagkakataon, siya ay naging matulungin at bukas-palad sa mga mahihirap niyang kababayan, isang mapagkupkop na kababayan at kaibigan;

SAPAGKA'T siya'y naging isang huwarang ina sa kanyang pamilya, isang mapag-arugang gabay sa mga gawaing makatutulong sa sariling pag-unlad at pagiging mabuting mamamayan kung kaya't ang kanyang pagpanaw ay labis na dinaramdam ng mga ito;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at ang mga kawani ay lubos na nagpapahayag ng pagkilala at pagpapasalamat sa lahat ng mga kabutihan at paglilingkod ni Gng.

Rosario T. Correa sa mga mamamayan ng bayang ito at tuloy ipinaaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang mga naulila.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos na pinangalawahan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng namayapang konsehal ng bayang ito, Gng. ROSARIO T. CORREA ang matapat na pakikidalamhati at pakikiramay ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa naulilang pamilya ni Gng. Rosario Torrefiel Correa, kalakip ang aming tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay : 19 Agosto 1996

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:

GELACIO I. MASON
Municipal Mayor

mera/